



Republic of the Philippines
Department of Education

IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT
MTB-MLE 3

Pangalan: _____ **Iskor:** _____ **Lagda ng Magulang:** _____

I. Ibigay ang iyong sariling reaksiyon o opinyon sa mga sumusunod na sitwasyon.

1. Pagsasagot ng modyul sa araw-araw.

A. Marami ang matututunan

B. Maaabala sa paglalaro

C. Matututong magsulat

D. Matututong magbasa

2. Pamamasyal sa iba't ibang lugar habang may Covid-19

A. Magiging masaya ang buong pamilya

B. Matutuwa ang mga bata

C. Maiiwasan ang pagkahawa ng Virus

D. Mabubuksan ang ibang mga pook-pasyalan

3. Paggamit ng mga bata ng cellphone nang walang limitasyon

A. Madaragdagan ang allowance sa load

B. Makakaligtaan ang ibang gawaing pampaaralan

C. Maraming kaalamang matututunan

D. Matutuwa ang magulang

4. Pagtatapon ng mga basura kung saan-saan

A. Mababawasan ang basura sa bahay

B. Madaragdagan ang mga magbabasura

C. Magbabara ang mga kanal at daluyan ng tubig

D. Babaha sa buong komunidad

5. Pagkawili sa paglalaro ng Mine Craft

A. Magiging matalino

B. Magiging masaya araw-araw

C. Matututo ng iba't ibang tricks

D. Makakaligtaan ang pagsasagot ng Gawain sa Modyul

6. Naglalaman ng pangunahin at pinakamalaking balita ng bansa.

A. Anunsyo Klasipikado

C. Palakasan

B. Editoryal

D. Pangunahing Balita

7. Dito nababasa ang pangunahing kuru-kuro ng patnugutan.

A. Anunsyo Klasipikado

C. Palakasan

B. Editoryal

D. Pangunahing Balita

8. Naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa anunsyo ng bagong bahay, trabaho at iba pa.

A. Anunsyo Klasipikado

C. Palakasan

B. Editoryal

D. Pangunahing Balita

9. Kung gusto mong malaman kung anong koponan sa basketball o iba pang isports ang nanalo.

A. Anunsyo Klasipikado

C. Palakasan

B. Editoryal

D. Pangunahing Balita

10. Naglalaman ng mga pangalan ng namatay na tao.

A. Anunsyo Klasipikado

B. Editorial

C. Obituwaryo

D. Pangunahing Balita

- I. Sagutin ang mga tanong sa ibaba ayon sa ipinapakita ng pictograph. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Mga araw ng Pagtatanim	Bilang ng mga taong lumahok sa pagtatanim
Hunyo 3 (Huwebes)	  
Hunyo 4 (Biyernes)	    
Hunyo 5 (Sabado)	      
Hunyo 6 (Linggo)	    
Hunyo 7 (Lunes)	 
Simbolo  = 10 bilang ng tao na lumahok sa pagtatanim	

11. Tungkol saan ang pictograph?

- A. Bilang ng tao na lumahok sa pagtatanim
B. Bilang ng tao na tumulong sa biktima ng kalamidad
C. Bilang ng puno na itinanim sa bawat araw
D. Bilang ng mga araw sa loob ng isang lingo.

12. Anong araw nagsimula ang pagtatanim ng puno?

- A. Biyernes B. Sabado C. Huwebes D. Lunes

13. Anong araw ang may pinakakaunti ang bilang ng punong itinanim?

- A. Lunes B. Sabado C. Linggo D. Martes

14. Sa iyong palagay, bakit ang araw ng sabado ang may pinakamaraming puno na naitanim?

- A. Ang mga kalahok ay walang pasok sa paaralan at opisina

- B. Ang mga kalahok ay makatatanggap ng malaking sahod kung Sabado
C. Ang araw Sabado ay araw ng paglahok
D. Ang mga tao ay walang gawain

15. Ilan ang bilang ng punong naitanim noong Huwebes kung ibabawas ang punong naitanim noong Lunes?

- A. 30 B. 20 C. 10 D. 5

B. Ibigay ang kahulugan ng mga larawang guhit sa ibaba. Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot.

16. Ano ang kahulugan ng larawan?

- A. Maghugas ng kamay.
B. Hayaang nakabukas ang gripo
C. Linisin ang pinagkukunan ng tubig.
D. Maglagay ng sabon.



17. Bakit kailangang gawin ang nasa larawan sa unang bilang?

- A. Para maging mabango sa lahat ng oras
B. Para maging maganda ang mga kamay
C. Para maalis ang mikrobyo na nakakapit sa kamay
D. Para magamit ang sabong binili

18. Ano ang ginagawa ng batang babae sa larawan?

- a. Nagtatabi ng kanyang mga gamit
b. Inilalagay sa tamang tapunan ang basurang nabubulok at di-nabubulok
c. Naglalaro sa tabi ng basurahan



19. Bakit mahalagang paghiwalayin ang basurang nabubulok sa di-nabubulok? a. Upang maging malinis ang ating paligid

b. Upang mapakinabangan bilang pataba sa mga halaman ang mga basurang nabubulok

c. Parehong tama

20. Ano ang ipinahihiwatig ng batang lalaki sa larawan?



A. Basain ang mga halamang tanim.

B. Diligan ang mga tanim sa arawaraw

C. Ayusin ang mga halaman.

D. Magtanim ng mga gulay at magagandang halaman.

21. Masayang _____ si Belen sa kanilang bakuran nang biglang bumuhos ang malakas na ulan.

A. naglaro

C. kalalaro

B. naglalaro

D. maglalaro

22. Nagmadali siyang _____ sa kanilang bahay upang hindi mabasa ng ulan.

A. pumasok

C. kapapasok

B. pumapasok

D. papasok

23. Biglang _____ ni Belen ang bilin ng kanyang ina bago umalis papuntang palengke.

A. naaalala

C. naalala

B. maaalala

D. kaaalala

24. Madalas na _____ niya ang mga pinatutuyong damit sa likod ng kanilang bahay.

A. kinuha

C. kukuha

B. kakukuha

D. kinukuha

25. _____ si Belen sa Panginoon dahil hindi gaanong nabasa ang mga damit.

A. nagpasalamat

C. kapapasalamat

B. nagpapasalamat

D. magpapasalamat

26. _____ siya ng tulong sa mga maykapangyarihan.

A. Hingin

B. Humingi

C. Mahingi

D. Nahingi

27. _____ ng pugad si Ben para sa kaniyang alagang ibon.

A. Gawain

B. Ginawa

C. Gumawa

D.

Nagawa

28. _____ siya sa klase kahapon.

A. Humuli

B. Naghuli

C. Nahuli

D. Nanghuli

29. _____ ka ba sa pagtitipon, Marina?

A. Dinalo

B. Dumalo

C. Nadalo

D. Nagdalo

30. _____ na palang lahat ang bigas na binili ko.

A. Nagsaing

B. Naisaing

C. Sinaing

D. Sumain

____31. Ang paboritong laro ni Kuya ay sipa. Kapag tapos na ang gawain, tinatawag niya ang aming pinsan upang maglaro. Lagi siyang nananalo tuwing maglalaro nito. Kaya naman, nag-aaral siya ng iba't ibang tricks sa paglalaro nito.

A. Sipa

C. Ang Laro

B. Ang Panalo

D. Iba't Ibang Tricks

____32. Sa panahong ito, kailangan ng ating katawan ang masusustansiyang pagkain. Ito ang ating panlaban sa mga sakit. Lulusog ang ating katawan sa pamamagitan nito. Makukuha natin ang mga ito mula sa sariwang gulay, prutas at itlog na ating kinakain sa araw-araw.

A. Panlaban sa Sakit

B. Sariwang Gulay at Prutas

C. Ang Masustansiyang Pagkain

D. Kailangan ng ATing Katawan

____33. Ako ay may alagang kuneho. Siya ay pinangalanan kong Cutie. Ito ay kulay puti. May maliliit at mapupulang paa ito. Nakatutuwa itong pagmasdan lalo na kapag kumakain ng mga damo.

A. Si Cutie

C. Ang Alaga Ko

B. Si Puti

D. Ang Kuneho

____34. Payapa at tahimik ang buhay sa bukid. Malawak ang palayan at may maliit na bahay-kubo. Masaya ako kapag pumupunta rito. Malamig ang hangin at malaya akong nakakatakbo.

A. Payapang Buhay

C. Sa Bahay-Kubo

B. Malamig na Hangin

D. Ang Buhay sa Bukid

____35. Ngayong panahon ng Covid-19, kailangang magpatuloy ang edukasyon. Nagkaroon ng iba't ibang pamamaraan ng pag-aaral na hindi kinakailangang pumasok sa paaralan. Ito ang tinatawag na Modular Distance Learning tulad ng Online Learning, Blended learning at Printed Modular Learning.

A. Panahon ng Covid-19

C. Paraan ng Pag-aaral

B. Pagpapatuloy ng Edukasyon

D. Mga Learning Delivery Modes

III. Ano ang layunin ng may-akda sa bawat kwento? Piliin ang titik ng tamang sagot.

36.

Lungsod ng Baguio

Asuncion B. Reyes

Ang Lungsod ng Baguio ang paborito kong lugar. Malamig ang panahon kaya halos lahat ng mga taong naglalakad ay nakasuot ng makapal na damit. May kani-kaniyang pinupuntahan ang mga tao tulad ng mga parke at palaruan. Mawiwili ang sinuman dahil sa magaganda at makukulay na mga bulaklak. Iba-iba ang mga halamang nakatanim. Pababa at pataas ang mga daan.

Pulos berdeng-berde ang mga damo. Para sa akin, kakaibaang Lungsod ng Baguio.

a. nanghihikayat b. nagbibigay ng impormasyon c. nanlilibang

37. **Pagdalo ng Misa**

Asuncion B. Reyes

Ang atin pong pagsisimba sa panahon ngayon ay may iilan-ilan lamang na mamamayan ang makadadalo rito. Ipinagbibigay alam po na maaari po tayong magsimba sa pamamagitan ng panonood ng misa sa telebisyon. Nang sa gayon, maaari pa ring makadalo sa pagdaraos ng banal na misa sa araw-araw. Ito ay paraan ng patuloy nating pagsamba sa Panginoon, dahil sa dinaranas nating pandemiya ngayon. Inaasahan po ang inyong suporta. Maraming salamat po sa inyong pagtugon.

a. nanghihikayat b. nagbibigay ng impormasyon c. nanlilibang

38. **Nayong Pilipino**

Asuncion B. Reyes

Isang araw ang pamilya Morales ay nagkaroon ng pamamasyal sa Nayong Pilipino. Dahil sa ito ay laging maraming tao, hindi mabilang ang mga bata, matatanda, at mag-aaral na namamasyal dito araw-araw. Masayang lumibot-libot sila sa bawat panoorin doon. Wiling-wili sila sa panonood sa pinaliit na anyo ng magaganda at mahahalagang pook sa ating bansa. Nalilibang sila na nakikita ang makukulay na vinta, ang matitibay na bahay at lumang mga kasangkapan. Kasiya-siya ang pamamasyal ng mag-anak sa Nayong Pilipino.

a. nanghihikayat b. nagbibigay ng impormasyon c. nanlilibang

39. **Sa Bukid**

ni Lolo Asuncion B. Reyes

Sabado noon. Isinama ni Lolo Ambo sina Popoy, Nenet, Rene at Ben sa bukid. May mga dala silang mga pagkain at meryenda. Ang dami palang punongkahoy dito, wika ni Nenet. Sa banda pa roon ay ang punong mangga at duhat. Masayang nangunguha ng mga bungangkahoy ang magkakapatid.

May sinabi si Lolo Ambo na may malinis ditong talon, kung kayat dali-dali silang nagpunta at nagsipaligo. Natutuwa sila sa pagkapunta nila sa bukid.

a. nanghihikayat b. nagbibigay ng impormasyon c. nanlilibang

40. **Halaman at Hayop,Yaman ng Bansa**

Alice Bernardo

Sari-saring halaman at iba't ibang hayop ang matatagpuan saanmang dako ng Pilipinas. Ang mga ibon sa himpapawid, ang mga isda sa ilog at dagat, at ang iba't ibang hayop sa kagubatan at kaparangan ay mga yaman ng bansa.

Sinasabing libo-libong uri ng mga halaman ang tumutubo kahit saang dako ng ating bansa. Ang mga halamang gulay, mga ornamental na halaman, at malalaking puno sa mga bundok at gubat ay yaman din ng ating bansa.

a. nanghihikayat b. nagbibigay ng impormasyon c. nanlilibang